

INTERNATIONAL NAPASA (June 25th, 2024)

1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

しよなんベルマーレのレモンガスタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 22 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **FC TOKYO**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2) IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

さかなちよくばいかいのし
魚直売会のお知らせ

Sa June 28 (Friday) ay magkakaroon ng direktang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta rin ang JA Shonan ng mga lokal na gulay. Mula 2:00 ng hapon ay magbebenta ng daing at mga gulay at mula 3:00 ng hapon ay magbebenta naman ng sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-21-0146 (0463-21-0146)**.

3) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

ひらつかしのうばいかぜいきんのうふきげんし
平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa June 30 ang huling palugit ng unang bahagi ng bayarin ng **MUNICIPAL AND PREFECTURAL TAX**. At dahil ang June 30 ang Sunday ang huling araw ng palugit ay hanggang July 1. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

4) PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE SALON NG HIRATSUKA

こくさいこうりゅうおしらせ
国際交流サロンのお知らせ

Ang "**TANABATA FESTIVAL**" sa Hiratsuka City ngayong taon ay gaganapin sa July 5 (Friday) hanggang July 7 (Sunday). At mula July 7 ng 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon, ang International Exchange Association ng Hiratsuka City ay magbubukas ng "**INTERNATIONAL EXCHANGE SALON**" sa Hachimanyama no Yokan para sa mga turistang galing sa ibang bansa. Dito ay makaka-eksperyensa ng katutubong kultura ng hapon tulad ng paggawa ng Origami, Calligraphy, Aikido, Cat's Cradle at Japanese Chess (Shogi) . At masisiyahan din sa

pagpapaletrato gamit ang smart phone habang nakasuot ng Yukata. Ang pagdalo dito ay libre at hindi na rin kailangan ang pagpapareserba. Dadalo rin ang ilang mga boluntaryong interpreter sa wikang Ingles. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa “**INTERNATION EXCHANGE ASSOCIATION**” Executive Office ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520)**.

5)IMPORMASYON MULA SA HIRATSUKA CITIZEN CENTER

ひらつか^{しみんかつどう}市民活動センターからのお知らせ

Mula July 3 hanggang July 8 , ang Hiratsuka Civic Ativity Center ay sarado dahil sa